
| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | MARCH 10-14, 2025 (WEEK 5) | Markahan at Linggo: | Ika-apat na Markahan |


| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ang papel ng mga kasapi ng kinabibilangang pamayanan | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Nakalalahok sa mga gawaing nagpapahalaga sa kinabibilangang pamayanan | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang papel ng mga kasapi ng kinabibilangang pamayanan | | | |
| *D. Mga Layunin* | Naiisa-isa ang iba pang miyembro ng pamayanan na nagbibigay serbisyo at tagagawa ng produkto para sa pamayanan | Nakikilala ang mga kagamitan ng mga nagbibigay serbisyo at tagagawa ng produkto sa pamayanan | 1. Nakikinig sa panauhing inimbitahan<br>2. Nakapagtatanong sa panauhin tungkol sa tungkulin at serbisyong binibigay ng iba pang kasapi ng pamayanan | 1. Naipakikita ang mga kilos o galaw ng tungkulin o gawain ng iba pang kasapi ng pamayanan |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Mga Kasapi ng Pamayanan na Nagbibigay Serbisyo at Taga-gawa ng Produkto | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Barbero, Tubero, Mekaniko, Sapatero, Karpintero, Panadero, Mananahi, at iba pa | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Kahulugan ng talasalitaan: https://kwfdiksiyonaryo.ph/ | Kahulugan ng talasalitaan: https://kwfdiksiyonaryo.ph/ | Kahulugan ng talasalitaan: https://kwfdiksiyonaryo.ph/ | Kahulugan ng talasalitaan: https://kwfdiksiyonaryo.ph/ |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Larawan ng mga kagamitan ng kasapi ng komunidad<br><br>Manila paper na may nakadikit na larawan ng kasapi ng komunidad<br>Pandikit/Glue<br>LAS1-Q4-Wk5 | Larawan ng mga kasapi ng komunidad sa linggong ito.<br><br>LAS2-Q4-Wk5 | Mga salita para sa charades | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik-aral:<br>Hatiin ang klase sa grupo. Magbigay ng mga larawan na may kinalaman sa mga kasapi ng pamayanan na napag-aralan sa | Balik-aral:<br>Magpakita ng larawan ng kasapi ng pamayanan.<br><br>Tukuyin ng mga mag-aaral kung sino ang | Laro: Reverse Charades<br>I-aarte ng buong klase ang pahuhulaang salita.<br><br>Isang mag-aaral ang tatayo sa harap ng silid at manghuhula ng hinahanap na salita. | Balik-aral:<br>Ipakikita ng guro ang larawang kuha noong ikatlong araw ng aralin.<br><br>Tatawag ng ilang mag- aaral upang magbahagi |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | nakaraang araw.<br>Maglagay sa pisara ng larawan ng mga kasapi ng pamayanan (Pulis, Bombero, doctor, Kaminero)<br><br>Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat.<br><br>Bawat pangkat ay makatatanggap ng manila paper na may nakadikit na larawan ng kasapi ng komunidad na tinalakay noong nakaraang linggo.<br><br>Magtutulong tulong ang mga mag-aaral upang magdikit ng mga larawan ng mga kagamitan ng kasapi ng komunidad na nasa manila paper. | kasapi ng komunidad na nasa larawan. | Mga salitang pahuhulaan ay ang mga kasapi ng komunidad na inaral at ang pag-arte ay batay sa mga kagamitan na kanilang ginagamit sa kanilang mga /gawain. | ng mga kaganapan sa klase sa araw na kinuha ang larawan. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br> | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |  CLINIC  PULIS   | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |    | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |  | | | |




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |    | | | |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |    | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Sabihin:<br>Sa araw na ito, iisa-isahin natin ang iba pang miyembro ng pamayanan na nagbibigay serbisyo at tagagawa ng produkto para sa pamayanan. | Sabihin:<br>Sa araw na ito, kikilalanin natin ang mga kagamitan ng mga nagbibigay serbisyo at taga-gawa ng produkto sa pamayanan. | Sabihin:<br>Sa araw na ito, sasabihin natin ang tungkulin ng miyembro ng pamayanan na nagbibigay serbisyo at taga-gawa ng produkto para sa pamayanan. | Sabihin:<br>Sa araw na ito, ipapakita natin ang gawain ng mga nabanggit na miyembro ng pamayanan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Talakayin:<br>Bibigyang kahulugan ng guro ang mga sumusunod na salita:<br><br>1. Produkto<br>Anumang ani o yari mula sa mga kagamitang hilaw<br><br>2. Serbisyo<br>Paglilingkod<br> | Talakayin:<br>Bibigyang kahulugan ng guro ang mga sumusunod na salita:<br>1. Angkop<br>Katanggap-tanggap sa kalahatan<br><br>2. Kagamitan<br>Gamit o kasangkapan<br><br>3. Kaligtasan<br>Pagkalayo mula sa panganib<br><br>Tala sa guro:<br>Maaari din magdagdag pa ng salita sa listahan batay sa mga gagamitin sa talakayan sa araw na ito. | Talakayin:<br>Bibigyang kahulugan ng guro ang mga sumusunod na salita:<br>1. Tungkulin<br>Gawain dapat gampanan<br><br>Tala sa guro:<br>Maaari din magdagdag pa ng salita sa listahan batay sa mga gagamitin ng panauhin. | Talakayin:<br>Bibigyang kahulugan ng guro ang mga sumusunod na salita: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Gawain:<br>Ipakita ang mga sumusunod na larawan:<br><br> | Itanong:<br>Paano ninyo nalaman ang ginagawa ng kasapi sa komunidad sa mga larawan na ipinakita sa panimulang gawain?<br><br>Gawain:<br>Ipakita ang tsart na may larawan ng kasapi ng komunidad at ang kanilang kagamitan.<br>  <br>● Panadero: rolling pin, apron<br>   | Talakayan:<br>Magbabahagi ang mga panauhin (Barbero, Tubero, Mekaniko, Sapatero, Karpintero, Panadero, Mananahi o iba pa) ng maiksing presentasyon na may nilalaman:<br>1. Pagpapakilala sa sarili<br>2. Tungkulin na ginagampan.<br>3. Pagbibigay ng maiksing pagpapaliwanag kung paano ginagawang produkto<br><br>Tala sa Guro:<br>Ang gawain sa araw na ito ay maaaring paghandaan isang linggo bago ang araw na ito. | Ipagawa:<br>Gumawa ng mga kilos na may kaugnayan sa tungkulin at binibigay na serbisyo ng mga nabanggit o natalakay sa aralin sa linggong ito Katulad ng pagpukpuk, paglalagari, pagmamasa, at iba pa. Gagawin ito sa saliw ng musika.<br><br>Tala sa Guro:<br>Siguruhing maipakita ang mga kilos at galaw sa mga mag-aaral sa saliw ng musika. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br><br>Itatanong ng guro sa mga mag-aaral:<br>1. Ano-ano ang mga nasa larawan?<br>2. Sino-sino sa tingin ninyo ang gumagawa ng mga nasa larawan? | • Mananahi: sewing machine tape measure<br> <br>• Mekaniko: wrench<br><br>• Karpintero: lagari, martilyo, metro<br><br>Tutukuyin ng mga mag-aaral kung ano ang nakikita sa mga larawan. Gabayan ang mga mag-aaral sakaling may hindi pamilyar na kagamitan. | Maaaring palitan ang hanay ng panauhin batay sa mga sasang- ayon sa imbitasyon. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman* | Talakayin: | Talakayin: | Katuloy na gawain: | Pamprosesong tanong: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipaliliwanag ng guro na ang mga kasapi ng komunidad na nabanggit at nagbibigay serbisyo upang gumawa ng produkto o mag-ayos ng mga gamit.<br><br>Ilan sa kanila ay nagbibigay serbisyo din para ikagaganda ng itsura or ng kalidad ng buhay.<br><br>Ipakita ang mga larawan:<br><br>• Barbero<br><br>• Tubero | Bawat kasapi sa pamayanan ay may kanya-kanyang mga kagamitan para magampanan ng maayos ang kanilang tungkulin at serbisyong binibigay sa komunidad.<br><br>Isa-isang ipakita ang mga kagamitan at talakayin kung ano ang gamit ng mga ito. | Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataon na magtanong sa mga panauhin.<br><br>Tala sa Guro: Gabayan ang guro sa pagtatanong sa mga panauhin. | 1. Ano ang mga kilos na inyong ginawa sa sayaw?<br>2. Sino ang mga kasapi sa pamayanan na gumagawa ng mga kilos na ito?<br>3. Sa inyong palagay kaya nyo na ba itong gawin?<br><br>Talakayin:<br>Talakayin ang mga galaw o kilos ng mga mga kasapi ng Pamayanan na tinalakay sa araling sa linggo. Sabihin kung sino- sino ang mga gumagawa nito. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |  <br>• Mekaniko<br><br>• Sapatero<br><br>• Karpintero | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>● Panadero<br><br>● Mananahi | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Talakayin:<br>Magbigay ng talakayan tungkol sa naidudulot na tulong ng iba pang kasapi ng pamayanan.<br><br>Hal.<br>Sapatero<br>Kontribusyon – tinutulungan ang mga tao na mapanatiling maayos ang kanilang sapatos at hindi bumili ng bago kung pwede | Ipagawa:<br><br>Pumili ng isang kasapi ng pamayanan na nabanggit sa aralin. Iguhit at kulayan ang isang kagamitan na ginagamit nito.<br><br>Tala sa Guro:<br>Magtawag ng mag-aaral upang magbahagi ng kanyang iginuhit. | Itatanong ng guro sa mga mag-aaral:<br>Kung kayo ay bibigyan ng pagkakataon na gumawa ng produkto o magbigay serbisyo, tulad ng mga panauhin, ano ito at bakit? | Ipagawa:<br>Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat na grupo. Bigyan ang bawat grupo ng mga kilos o galaw na may kinalaman sa mga gawain ng mga kasapi ng Pamayanan. Sa saliw ng musika ng isang folksong, ipapakita nila ang mga kilos at galaw na ito.<br>Bigyan ng walong bilang ang bawat kilos o galaw. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pang gamitin.<br>Nakakatulong sila na makatipid ang mga tao.<br><br>Barbero Kontribusyon – sa kanilang paggugugpit, nakakatulong sila sa mga tao na panatilihin maayos ang kanilang personalidad.<br><br>Karpintero Kontribusyon – sa kanilang paggawa at pagkumpuni ng mga kagamitan, nakakatulong silang masiguro na ligtas na magamit ng mga tao ang kanilang mga kagamitan.<br><br>Mekaniko Kontribusyon – nakakatulong sa pag sisiguro na ligtas ang mga sasakyan na ginagamit sa transportasyon ng mga tao. | | | Tala sa Guro:<br>Gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang gagawin presentasyon. Ituro muna ang "steady beat" upang sila ay nasa tamang beat sa pagpapakita ng kilos.<br>Bigyan ng minuto upang mag-ensayo ng kanilang gagawin. |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Sino ang pupuntahan ninyo sa mga sumusunod na sitwasyon?<br><br>1. Nasira ang suwelas ng sapatos mong pamasok sa paaralan<br>2. Nakita ng iyong nanay na nasira ang pintuan ng inyong bahay<br>3. Kinakailangan mong magpagupit upang maging presentable<br>4. Maluwag ang nabiling damit ng iyong tatay<br><br>Tala sa Guro: Maaaring bumuo ng ibang sitwasyon batay sa konteksto ng mga mag-aaral.<br><br>Paano mo maipakikita ang paggalang sa kanila? | Itatanong:<br>Bakit kinakailangan na gamitin ang angkop na kagamitan sa paggawa ng produkto at pagbibigay serbisyo? | Itatanong:<br>Ano ang inyong bagong natutunan mula sa ating mga panauhin sa araw na ito? | Tala sa Guro:<br>Gamitin ang oras na ito sa pagtatanghal ng mga mag-aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Magsasagot ng LAS1-Q4-Wk5 ang mga mag-aaral. | Magsasagot ng LAS2-Q4-Wk5 ang mga mag-aaral. | Magkaroon ng “class picture” ang mga mag-aaral kasama ang mga panauhin. Maaari itong ikabit sa bulletin board o sa pisara bilang pananda ng karanasan na ito. | Ang pagtatanghal ang magsisilbing pagtataya ng natutuhan. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Takdang-aralin: Magdala ng pangguhit at pangkulay para sa gawain kinabukasan. | Takdang aralin: Ano ang mga nais mong malaman tungkol sa mga kasapi ng komunidad na nagbibigay serbisyo sa daan tulad ng pulis at traffic enforcers?<br><br>Isulat sa kuwaderno at maghanda magbahagi sa klase bukas. | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: ____________________

Guro

Nirebyu ni: ____________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni: ____________________

School Head